Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BANSUD

OFFICE OF THE MUNICIPAL MAYOR

February 10, 2021

MEMORANDUM:

Bilang	:	**2021 - 013**
Para kay	:	**LAHAT NG PUNONG BARANGAY** **Bayan ng Bansud**
Sa pamamagitan ni	:	**KGG. ALEX M. MEDRANO** **ABC President, Bayan ng Bansud**
Paksa	:	**PAGPAPATULOY NG "OPERATION LINIS" SA BUONG BAYAN NG BANSUD**

Ang "Operation Linis" ay regular na programa ng Bayan ng Bansud na nagsimula sa taong 2007 bilang bahagi ng ating development tagline na "Simple lang ang ating gusto, isang maunlad, mapayapa at malinis na Bayan ng Bansud".

Bilang regular na gawain at bilang pagsunod sa direktiba ng ating Pangulo sa kanyang 4th State of the Nation Address (SONA) at sa DILG Memorandum Circular, ang ating "Operation Linis ay muling gagawin simula sa darating na ika-11 ng Pebrero 2021, Huwebes at sa mga susunod na Biyernes na darating.

Ang bawat opisyal ng barangay ay inaatasang makiisa sa layunin ng ating gawain na mapanatili ang kalinisan ng ating kapaligiran para sa maayos na kalusugan ng bawat mamamayan.

Sa koordinasyon ni Madam Violy Nazareno, bawat miyembro ng 4Ps ay makikiisa din sa gagawing paglilinis sa barangay.

Ang patuloy na pakikiisa ng bawat mamamayan ng Bansud ay isang malaking hakbang tungo sa maayos at malinis na Bayan ng Bansud.

Salamat po.

RONALDO M. MORADA
Punong Bayan

Municipal Government Center, Poblacion, Bansud Oriental Mindoro 5210
Landline (043) 738-2904 * Mobile Number: 09190939963 * Email Address: mayorsofficebansud@gmail.com